Maaaring Kailangang Mag-apply ng Ilang Pamilya na Tumatanggap ng Medi-Cal para sa SUN Bucks

Maaaring kailanganin ng mga pamilyang tumatanggap ng ilang uri ng Medi-Cal na mag-aplay para sa SUN Bucks.

Ang ilang mga bata na may Medi-Cal ay awtomatikong nakakakuha ng SUN Bucks. Gayunpaman, kung ang Medi-Cal ng bata ay sa pamamagitan ng mga programa tulad ng Supplemental Security Income, Adoption Assistance, o Foster Care, maaaring kailanganin nilang mag-apply para sa SUN Bucks sa pamamagitan ng kanilang paaralan bago ang Setyembre 2, 2025.

Paano makakakuha ang mga bata ng Medi-Cal sa pamamagitan ng SSI/SSP, Adoption Assistance, o Foster Care na makakuha ng SUN Bucks?

Kung ang bata ay:

- May Medi-Cal na **hindi** na-sertipika sa o mas mababa sa 185% ng Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level), at,
- **Hindi** tumatanggap ng CalFresh o CalWORKs, at
- **Hindi** sertipikado ng kanilang paaralan bilang migrante, foster, homeless, o runaway.

Pagkatapos ay dapat magsumite ang pamilya ng Aplikasyon para sa mga Pangkalahatang Benepisyo (Universal Benefits Application) o aplikasyon sa pagkain sa paaralan (school meal application) sa paaralan ng bata bago ang Setyembre 2, 2025.

Mga magiliw na paalala:

- **Ang SUN Bucks ay hindi nakakaapekto sa katayuan sa imigrasyon ng iyong pamilya.** Bisitahin www.cdss.ca.gov/inforesources/cdss-programs/refugees/public-charge para matuto pa.
- **Tiyaking napapanahon ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan.** I-update ang iyong pisikal at/o mailing address, numero ng telepono, at email address sa paaralan ng iyong anak o opisina ng tagapangasiwa ng paaralan, o opisina ng mga serbisyong panlipunan ng lokal na county. Maaari mo ring tawagan ang SUN Bucks Helpline sa (877) 328-9677 upang iulat ang anumang mga pagbabago sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan.
- **Iulat ang anumang mga mali sa pag-isyu ng card ng SUN Bucks sa Helpline ng SUN Bucks sa (877) 328-9677.** Ang isang pamilya ay hindi makakatanggap at makakagamit ng higit sa isang SUN Bucks card bawat bata o makakuha ng SUN Bucks mula sa higit sa isang Estado (7 CFR § 292.27).

Gusto Mo Bang Mas Matuto Pa?

- Bisitahin ang www.cdss.ca.gov/SUNBucks
- Tingnan ang CDSS YouTube SUN Bucks Playlist
- I-scan ang quick response (QR) na code

Ang programa ng SUN Bucks sa California ay ginawang posible sa pagpopondo mula sa Kagawaran ng Agrikultura ng Estados Unidos (US Department of Agriculture o USDA), Serbisyo sa Pagkain at Nutrisyon (Food and Nutrition Service o FNS) at inihahatid sa iyo ng Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan ng California (California Department of Social Services o CDSS) sa pakikipagtulungan sa Kagawaran ng Edukasyon ng California (California Department of Education o CDE).
www.cdss.ca.gov/sunbucks | www.cde.ca.gov/ls/nu/sf | SUNBucks@dss.ca.gov.
Ang USDA ay isang tagapagbigay ng pantay na oportunidad, tagapag-empleyo, at tagapagpahiram. 2025
Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang: www.fns.usda.gov/summer.